# Simbahan

Tuwing araw ng Linggo ay pumupunta si Maki sa simbahan. Siya ay nagpapasalamat sa Diyos sa mga biyayang kaniyang kaloob.

## Mga Tanong:

1. Sino ang pumupunta sa simbahan?
   a. si Maki
   b. si Miko
   c. si Mira
2. Anong araw siya pumupunta roon?
   a. Lunes
   b. Sabado
   c. Linggo
3. Bakit siya pumupunta sa simbahan?
   a. upang mag-aral
   b. upang magpasalamat sa Diyos
   c. upang maglaro

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*
FUN TEACHER FILES

# Paaralan

Papasok na si Ben sa paaralan. Siya ay nasa unang baitang. Ang kaniyang guro ay si Bb. Santos. Siya ay masipag mag-aral.

## Mga Tanong:

1. Sino ang papasok sa paaralan?
   a. si Dan
   b. si Von
   c. si Ben
2. Anong baitang na siya?
   a. una
   b. ikalawa
   c. ikatlo
3. Sino ang kaniyang guro?
   a. Bb. Reyes
   b. Bb. Santos
   c. Bb. Dela Cruz

# Parke

**Pumunta sa parke sina Luis at Lito. Sumakay sila ng bisikleta. Naglaro sila ng bola. Nagpahinga sila sa ilalim ng puno ng mangga.**

## Mga Tanong:

1. Sino ang pumunta sa parke?
   a. sina Larry at Rico
   b. sina Luis at Lito
   c. sina Lita at Lena
2. Ano ang sinakyan nila?
   a. kotse
   b. bus
   c. bisikleta
3. Saan sila nagpahinga?
   a. sa damuhan
   b. sa ilalim ng puno
   c. sa bahay

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FT FUN TEACHER FILES

# Ospital

May sakit si lola. Siya ay nasa ospital. Binantayan siya ng kanyang apo na si Rico. Lubos na maaasahan ang kaniyang apo.

## Mga Tanong:

1. Sino ang may sakit?
   a. si lola
   b. si lolo
   c. si tito
2. Nasaan si lola?
   a. sa kwarto
   b. sa bahay
   c. sa ospital
3. Sino ang nagbantay sa kaniya?
   a. si Lito
   b. si Mico
   c. si Rico

# Palengke

Si Aling Nena ay tindera sa palengke. Prutas at gulay ang kaniyang tinitinda. Sariwa ang mga tinda ni Aling Nena.

## Mga Tanong:

1. Sino ang tindera sa palengke?
   a. si Aling Mila
   b. si Aling Nena
   c. si Aling Tess
2. Saan siya nagtitinda?
   a. sa paaralan
   b. sa parke
   c. sa palengke
3. Ano ang kaniyang tinitinda?
   a. karne
   b. itlog
   c. prutas at gulay

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES

# Palaruan

Si Hanna at ang kaniyang mga kaibigan ay nasa palaruan. Sila ay nagkasiyahan. Sila ay naglaro ng habulan.

## Mga Tanong:

1. Sino ang kasama ni Hanna sa palaruan?
   a. mga kapatid
   b. mga magulang
   c. mga kaibigan
2. Ano ang ginawa nila sa palaruan?
   a. natulog
   b. napahinga
   c. naglaro
3. Ano ang naramdaman ng magkakaibigan?
   a. masaya
   b. malungkot
   c. natakot

*Printable PDF Copies @ funteacherfiles.com*

FUN TEACHER FILES